# PAGHAHANAP SA NALANDANGAN

MARICRISTH MAGALING

*Gusto na sana niyang lumabas.*
*Pero hinarangan nila, hindi pinababa.*
*Dun na lang sa guest room. Tinali ang kamay.*
*Sinaksak ng bayoneta, ginilitan sa leeg, binaril*
*sa dibdib.*
*Nasa labas kami. Naisip namin:*
*Wala na si sir Emok.*

*—Gary Payac*
*Volunteer teacher, Alcadev*

Hinahanap nila ang Nalandangan,
ang lugar na maligayang
inaawit sa kanilang epiko.
Matiyaga nilang hinihintay iyon

mula sa ipinunlang buto.
Maigeng diniligan, inalagaan
hanggang sa sumibol
sa eksperimental na taniman
ng kanilang eskwela.

Para lumaki at magsupang,
puprotektahan nila mula sa mga apid,
atangya, at sari-saring peste.
Patatabain, mag-uusbong,

at mamumunga.
Hindi sila matitinag sa paghihintay
sa paglaki at pamimintog.

Kundangan lamang,
sa pagdating ng anihan,
kumbakit naroon at muli,
sila'y bakwit,
pinalalayas sa lugar na maligayang
inaawit sa kanilang epiko.